# Part III

# MGA AHENSYA NG PAMAHALAAN

Sa yugtong ito, maaaring nakapagpundar na tayo ng ating bahay at lupa. Para sa ating mga anak, kung hindi pa natin napagtapos ng pag-aaral, nakapagtabi na rin tayo ng sapat na sa halaga para sa edukasyon nila.

Sa yugto ring ito, dapat may nakukuha na rin tayong ibang kita (passive income) bukod pa sa kita natin sa ating pagbabarko.

Kung hindi pa sapat ang ating passive income para tustusan ang ating pangangailangan, kailangan pa nating magpatuloy sa pagsakay. Pero kailangan na nating seryusohin ang paghahanda sa ating pagreretiro sa pagbabarko.

Kung hindi na tayo nalilibang sa laot at gusto na nating tumigil sa pagsakay, dapat na paghandaan na ang susunod nating career sa lupa. Maaari tayo maging manning/crewing executive, instructor sa mga education at training providers, superintendent at marami pang iba.

Maaari ring tuunan sa sinimulang negosyo o sa bubuksan pa lang na negosyo.

Sa pagreretiro natin sa pagbabarko, Malaki ang maitutulong ng mga ahensya ng pamahalaan na may reintegration program para sa mga OFW na tumigil na sa pagtatrabho sa ibayung dagat.

# Chapter 14

# National Reintegration Center for OFWs (NRCO)

Sa ating pagreretiro, malaki ang maitutulong ng National Reintegration Center for OFWs (NRCO) na nagpapatupad ng National Reintegration Program para sa mga OFW na tulad nating mga marino.

Ipinatutupad ng NRCO, isang ahensya ng Department of Labor and Employment, ang reintegration program sa layuning matulungan tayong mga marino at iba pang OFW na makaangkop sa pagtigil sa paghahanapbuhay sa ibang bansa.

Binubuo ang reintegration program ng mga serbisyo at pamamaraan na ipinatutupad ng mga ahensiya ng pamahalaan at mga partner nito para sa produktibong integrasyon nating mga marino sa lipunan matapos ang mahabang panahon nating pagbabarko.

May ilang programa at serbisyong ipinagkakaloob ang NRCO para sa mga nagbabalik na OFWs. Partikular sa ating mga marino, maaaring makatulong sa atin ang mga sumusunod na programa ng NRCO:

## A. Mga Programa at Serbisyo ng NRCO

### 1. *Livelihood Development Assistance Program (LDAP)*

Dating tinatawag na 10K Livelihood Assistance Program, and Livelihood Development Assistance Program (LDAP) ay sinimulan noong 2011 at binago noong 2014 para tumugon sa mga undocumented OFWs.

Saklaw nito ang mga marinong sumasakay sa mga fishing vessels o mga direct hire at hindi na dumaan sa POEA bago umalis ng bansa.

Layunin ng programa na magkaloob ng tulong na pondo para sa kabuhayan ng marinong tumigil na sa pagsakay. Mula 2011 to 2014, nakatulong ang LDAP sa mahigit 15,000 benepisyaryo na nagbukas ng maliliit na negosyo tulad ng sari-sari stores, beauty parlor, rice trading, machine shop, furniture making, atbp.

Ang mga nais makakuha ng tulong mula sa programa ay puwedeng magpasa ng requirements sa pinakamalapit na DOLE Regional Office kung saan nila balak itayo ang planong negosyo.

Bawat beneficiary ay makakatanggap ng business enterprise start-up kit na nagkakahalaga ng P10,000. Binubuo ang kit ng mga materyales para sa kanilang panukalang negosyo.

Ipagkakaloob ito sa benepisyaryo matapos makumpleto ang Small Business Management Training and Financial Awareness Seminar para ihanda ang marino sa pamamahala ng kanyang negosyo.

***2. Biyaheng Agripreneur***

Sa pakikipagtulungan sa Department of Agriculture, Agricultural Training Institute (DA-ATI), ineengganyo ng NRCO ang mga OFW upang magsimula ng negosyo kaugnay ang agrikultura. Ang programang ito ay naglalayon na dalhin ang mga OFW at kanilang pamilya sa isang matatag na farm upang maipakita ang mga magagandang halimbawa ng pagpapatakbo nito.

Sa tulong ng DA-ATI, maaaring makakuha ng libreng training ang mga OFW sa pamamalakad ng agribusiness. Layunin ng programa na palakasin pa ang sektor ng agrikultura sa bansa at bigyan ng oportunidad ang mga OFW na makapag-impok sa ganitong uri ng negosyo.

Ang DA-ATI ay meron ding mga online training para sa karagdagang kaalaman at impormasyon.

***3. Small Business Management Training and Financial Awareness Seminar***

Layunin ng training na ito na tumulong sa OFWs at kanilang pamilya na nagkaroon ng financial literacy at engganyuhin silang magtayo ng maliit na negosyo for self-employment.

Bahagi ng inisyatibong ito ang project ng NRCO na makapag-sanay ng mga OFWs na maging investor at entrepreneur.

Mayroon din itong training kaugnay ng mga pangunahing kailangan para makakuha ng tulong pangkabuhayan para matulungan ang marino o OFW at kanilang pamilya na maunawaan ang iba't ibang aspekto ng negosyo lalo na sa pagsisimula ng negosyo at pamamahala nito.

## B. Partnership sa ibang ahensya

Kapartner rin ng NRCO ang Technical Educational and Skills Development Authority (TESDA) para sa mga nagnanais kumuha ng training sa mga technical at vocational courses tulad ng call center training, 3D animation, atbp.

Pinakamahalagang kapartner nito ang Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) na nagpasimula ng P2 Billion Reintegration Program.

Bukod dito, nagpapatupad din ang OWWA ng Reintegration Program para sa OFWs sa labas ng bansa tulad ng pagdaraos ng mga pagsasanay at seminar gaya ng value formation, financial literacy, techno-skills and capacity building trainings.

## C. NRCO-ISP Partnership

Nakipagpartner ang NRCO sa Integrated Seafarers of the Philippines para sa special project para sa mga marino at kanilang pamilya—ang katatapos lang na "From Seafarers to Entrepreneur: 2015 NRCO-ISP Business Plan Competition".

Layunin ng project na mahikayat ang mga marino na maging negosyante. Sa katatapos na contest, walong (8) finalists ang napiling business plan mula sa 40 entries na isinali ng mga marino. Ang mga finalist ay sumailalim sa coaching and mentoring sessions kung saan sila ay binigyan ng sapat na kaalaman sa iba't ibang aspeto at teknikalidad ng pagnenegosyo.

Isang dating chief mate na may business plan para sa negosyong seaweed farming ang nakakuha ng top prize na P500,000 na galing sa ISP. Gagamitin ang premyo sa pagsisimula ng nasabing negosyo.

Ang naturang mga finalists ay binigyan ng NRCO ng training at ito ay ang Mentoring Round. Layunin nito na mahasa pa ang kanilang kaalaman sa pagnenegosyo. Kabilang sa mga itinuro sa kanila ay ang mga sumusunod: Introduction to Entrepreneurship & Business; Business Planning; Tax & Business Registrations; Human Resource Management; Financial Management; Marketing & Sales; at Leadership, Personality Development and Presentation Skills.